# SARBEY

Modelo Ng Sarbey Para Sa Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad



INTERNATIONAL ACCOUNTABILITY PROJECT

Sa modelong ito, makikita ang mga halimbawa ng tanong na maaari ninyong gamitin sa pagsagawa ng sarbey sa iyong komunidad. Maaari ninyong gamitin ito kasama ng *Gabay sa Pagkilos ng Komunidad sa Pananaliksik na Pamumunuan Ng Komunidad* at ng *Checklist bilang Suporta sa Pananaliksik na Pamumunuan Ng Komunidad.*




© Copyright 2018, International Accountability Project
www.accountabilityproject.org
Disenyo at Paglalatag ni Letizia Farisato
Larawang-guhit ni Haris Ichwan

Dinisenyo ang modelong ito upang siyasatin ang mga direktang karanasan at kadalubhasaan ng mga miyembro ng komunidad tungkol sa proseso at epekto ng mga proyektong pangkaunlaran, at upang matukoy ang mga ideya at prayoridad ng kanilang pananaw sa pag-unlad. **Maaari mong ihalaw at isalin ang modelong ito batay sa naaangkop na konteksto,** at gamitin ang resulta ng sarbey bilang gabay sa pagdisenyo at pagkilos para sa adbokasiya ng iyong komunidad.

Nahahati ang modelong ito sa limang pangunahing bahagi:

## 1. TUNGKOL SA IYO

Dito makukuha ang panimulang impormasyon tungkol sa kalahok ng sarbey. Mahalaga ang impormasyong ito sa pagsuri ng mga sagot na matatanggap, upang maunawaan ang pinanggalingan at konteksto ng mga kalahok, at matukoy ang mga sagot ayon sa edad, kasarian, at grupo sa komunidad.

## 2. PAANO KA NAAAPEKTUHAN NG PROYEKTONG ITO?

Ang mga tanong sa bahaging ito ay makakatulong sa pagtukoy ng antas ng kaalaman ng bawat kalahok ng sarbey tungkol sa proyekto, at ang kanilang pang-unawa sa mga positibo at negatibong epekto ng proyekto, at iba pang detalye tungkol sa pagpapaaalis o pagpapalipat bunga ng proyekto.

### a. Impormasyon Tungkol sa Proyekto

Mahalagang malaman dito kung may pagkakaiba ba sa pagitan ng pananaw ng mga apektadong miyembro ng komunidad tungkol sa layunin ng proyekto at kung sino ang makikinabang dito, at sa impormasyong inihatid sa kanila ng mga namamahala ng proyekto. Makakatulong ang mga tanong upang matukoy kung ano ang nalalaman ng mga kalahok ng sarbey tungkol sa mismong proyekto, at ng mga taong magpopondo at magpapatupad nito.

### b. Epekto ng Proyekto

Maaaring maapektuhan ang mga indibidwal na miyembro ng komunidad sa iba't ibang paraan. Layunin ng mga tanong dito na maibunyag ang detalye ng mabuti at masamang kahihinatnan ng isang proyekto, kabilang na ang mga pagbabago sa kabuhayan, kultura at pamamahala ng mga pagkukunan. Aalamin din dito kung ang mga epektong natukoy ay nangyayari sa kasalukuyan, nangyari na, o mangyayari pa lamang.

### c. Pagpapaalis o Pagpapalipat

Ang pagpapaalis ng mga miyembro ng komunidad, at ang pagkawala ng kanilang lupa, mga pagkukunan at bahay ay isa lamang sa mga epekto ng isang proyekto sa komunidad. Hindi man maapektuhan nang ganito ang buong komunidad, posible pa ring mapaalis ang ilang indibidwal na miyembro ng komunidad. Layunin ng mga tanong dito na matukoy kung gaano kalawak ang saklaw ng pagpapaalis o pagpapalipat, at ang paraan ng pagpaplano at pagsasagawa ng mga ito. Matutukoy din dito kung may naibibigay na sapat na kabayaran o opsyon para sa paglipat ng mga mapapaalis.

## 3. ANG IYONG PAGLAHOK SA PROYEKTO

Makakalap sa bahaging ito ang mga impormasyon ukol sa dalas at lalim ng partisipasyon ng komunidad sa pinapanukalang proyekto, upang malaman kung ang mga konsultasyon ay makahulugan, sapat at nasa oras. Napakahalaga ng proseso ng konsultasyon upang matukoy kung naaayon at napapanahon ang pag-unlad na ito para sa komunidad. Mahalagang malaman kung saan, kalian at kanino nakuha ng mga kalahok sa sarbey ang impormasyon tungkol sa proyekto, upang matukoy kung nabigyan sila ng pagkakataon ng mga namamahala sa proyekto na mag-ambag ng kanilang opinyon at ideya tungkol dito, at kung ang mga ito ay naisaalang-alang sa disenyo at pagpapatupad ng proyekto. Ang mga tanong sa dulo ng bahaging ito ay makakatulong din sa pagkalap ng mga ideya mula sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa kanilang mga suhestiyon at naiisip sa pagdidisenyo ng isang magandang proseso ng konsultasyon.

## 4. TUGON NG IYONG KOMUNIDAD

Sa bahaging ito, hinihingi mula sa mga kalahok ang kanilang mga ideya sa dapat maging reaksyon sa isang proyekto, at ang kanilang mga pananaw sa pag-unlad ng kanilang komunidad.

## 5. MANATILI SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Sa huling pahina ng modelo ng sarbey, binibigyan ang mga kalahok ng opsyon na ibigay ang kanilang impormasyong pang-kontak upang mabigyan ng pagkakataon ang pangkat na nagsisiyasat na i-kontak sila para sa

mga karagdagang katanungan pagkatapos ng pananaliksik. Subalit, dahil sensitibo ang impormasyong ito, maaaring mapahamak ang mga kalahok sa pananaliksik kung hindi ito iingatan. Kailangang nasa hiwalay na pahina ang impormasyong pang-kontak sa ibang pahina ng sarbey, at itago ang mga ito sa isang ligtas na lugar na ang mga initalaga lamang ang maaaring makakita.

Tandaan, boluntaryo lamang ang bahaging ito at dapat irespeto ang desisyon ng mga kalahok. Pag-aralan ang *Gabay sa Pagkilos ng Komunidad sa Pananliksik na Pamumunuan Ng Komunidad* upang magabayan ang mga kalahok sa anumang isyu sa kanilang kaligtasan at seguridad.

**Ginawa ang *modelo* ng sarbey na ito at ang mga tanong dito upang tulungan kayo, bilang ang pangkat na nananaliksik, para makakalap ng impormasyon tungkol sa mga iniisip, opinion at mga ideya ng komunidad ukol sa kasalukuyang proyekto sa kanilang komunidad.**

Gayunpaman, sa pagsagot sa mga tanong na ito at paglahok sa mga diskusyon mula sa sarbey, malalaman din ng komunidad ang kanilang karapatang magkaroon ng sapat na impormasyon at makabuluhang partisipasyon sa pagdisenyo at pagpapatupad ng proyekto. Kung hindi pa nila nagagawa, kailangang simulan ng mga miyembro ng komunidad ang kritikal at kolektibong pagsuri kung ang isang proyekto ba ay dinisenyo ng komunidad para sa komunidad, at kung ano ang kanilang sariling pananaw sa pag-unlad.

Ang sumusunod na Modelo ng Sarbey ay isang gabay para sa inyong pangkat na nagsisiyasat upang ihalaw at gamitin sa inyong sariling konteksto.

Mapapansing maninibago ang mga miyembro ng komunidad sa ilang tanong sa sarbey, dahil siguro ito ang kanilang unang pagkakataong matanong sa ganoong klaseng paksa. Pinapayuhan kayong sabay-sabay basahin ang mga tanong nang malakas. Kung ang ginagamit ninyong Modelo ng Sarbey ay nakasalin sa ibang wika, maaari ninyong ipabasa muna sa mga kinatawan ng komunidad upang makasigurong malinaw at nauunawaan ang pagsasalin.

**Sa loob nitong Modelo ng Sarbey may 4 na klaseng katanungan:**

## Piliin ang Iyong Sagot

Sa mga tanong na ito, pinapapili ang kalahok ng isang sagot lamang na pinakaangkop sa kanilang realidad. Halimbawa ay:

> **Ginagamit mo ba ang sarbey na ito upang magsagawa ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad?**
>
> ☐ Oo
> ☐ Hindi

## Piliin ang Lahat ng Naaangkop

Hinihingi sa kalahok na pumili ng kahit ilang sagot na kanilang nais, upang ganap na mailarawan ang kanilang karanasan, iniisip, at ideya sa partikular na paksa. Halimbawa ay:

> **Saan mo natutunan ang tungkol sa pananaliksik na pinamumunuan ng komunidad? Piliin ang lahat ng naaangkop.**
>
> ☐ Organisasyong base sa komunidad
> ☐ Pagpupulong sa buong komunidad
> ☐ Mga pamplet at iba pang materyales na pang-impormasyon
> ☐ Impormasyon mula sa IAP o sa ibang organisasyon
> ☐ Radyo ng komunidad o ibang media

Para sa mga tanong na ito, at depende sa inyong proseso, maaari niyo munang ipabasa nang malakas ang mga tanong (pero hindi ang mga sagot), upang mabigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na pag-isipan ang kanilang sariling sagot. Pagkatapos ay pipiliin na ng kalahok ang mga sagot na naaangkop para sa kanya.

Makakatulong ito upang hindi malimitahan ang mga kalahok sa mga pagpipiliang sagot sa ***Modelo ng Sarbey***, at mabigyan sila ng pagkakataong palawigin ang kanilang sagot. Kung may mga matimbang na pahayag, ilagay ang mga ito sa kahon para sa komento.

Minsan, ang mga ganitong klaseng tanong ay may **dalawang pagpipilian sa bawat paksa** – isa sa nakaraan, at isa sa hinaharap – upang mapili ng kalahok ang sagot na angkop sa kanilang realidad. Halimbawa ay:

> **Paano mo gagamitin ang resulta ng pananaliksik na pinamumunuan ng komunidad sa iyong komunidad? Piliin ang lahat ng naaangkop.**
>
> - ☐ Gagawa kami ng ulat mula sa aming natuklasan sa komunidad.
> - ☐ Mayroon kaming nakasulat na ulat mula sa aming natuklasan sa komunidad.
>
> - ☐ Gagawa kami ng paglalarawan ng mga resulta.
> - ☐ Gumawa kami ng paglalarawan ng mga resulta.
>
> - ☐ Ibabahagi namin ang resulta sa social media.
> - ☐ Ibinahagi namin ang resulta sa social media.
>
> - ☐ Magsasagawa kami ng isang kaganapan.
> - ☐ Nagsagawa kami ng isang kaganapan.

## Dalawang-Hakbang na Tanong sa Talaan

Mas komplikado nang kaunti ang mga tanong na ito, dahil kumakalap ito ng iba't ibang impormasyon sa iisang tanong. Sa mga tanong na ito, ang pamagat o pamulaan ng bawat hanay ay tumutukoy sa isang bahagi ng tanong. Ipagpapalagay ng mga kalahok na ang unang hanay ay ang pangunahing paksa, at ang pangalawang hanay ay humihingi ng partikular na impormasyon tungkol sa sagot ng kalahok. Halimbawa ay:

**Saan mo natutunan ang tungkol sa pananaliksik na pinamumunuan ng komunidad?**
**Piliin ang lahat ng naaangkop.**

| Narinig mo ba mula sa... | Saan mo nalaman ang tungkol dito? | | |
|---|---|---|---|
| **Impormasyon mula sa IAP o sa ibang organisasyon** | ☐ Pagsasanay o workshop | ☐ Pagpupulong ng komunidad | ☐ Online |
| **Pangkat na nananaliksik sa komunidad** | ☐ Pagsasanay o workshop | ☐ Pagpupulong ng komunidad | ☐ Online |

Isang magandang paraan sa ilang mga proseso ng pananaliksik ay ang pagtanong muna ng tanong sa unang hanay, at saka humingi ng detalye. Halimbawa, sa tanong na nasa itaas, puwede mo munang tanungin, *"Nalaman mo ba ang tungkol sa pananaliksik na pinamumunuan ng komunidad mula sa mga materyales galing sa IAP o sa ibang organisasyon?"* Kapag sumagot sila ng oo, maaari mong sunod na itanong, *"Nakuha mo ba ang impormasyon mula sa isang pagsasanay o workshop? Sa isang pagpupulong ng komunidad? O sa online?"*

# Isulat ang Sagot sa Tanong

Hihingiin sa mga kalahok na isulat ang kanilang sagot sa mga tanong sa kahon na nakaalan sa pagsusulat, sa halip na mamili sa iba't ibang opsyon na sagot. Halimbawa ay:

> **Sa iyong palagay, bakit nararapat isagawa ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad sa iyong komunidad? Ipaliwanag ito.**
>
> ..............................................................................................................................

May ibang tanong na maaaring humingi ng higit pang impormasyon bukod sa mga nabanggit. Para dito, bibigyan kayo ng gabay kung ano ang pinakamainam na paraan upang itanong ang mga ito.

Kung may tanong na hindi angkop sa isang kalahok, hindi nila ito dapat sagutin. Tandaan, may kalayaan kayong ilatag ang mga tanong base sa realidad ng inyong komunidad.

**Ngayon, handa ka na para gamitin at ihalaw ang *Modelo ng Sarbey* upang magsagawa ng iyong pananliksik na pamumunuan ng komunidad!**

1

# Tungkol sa Iyo

1. **Pangalan ng iyong komunidad:** ..........................................................

2. **Ano ang iyong kasarian?**

   ..........................................................................................................

3. **Ilang taon ka na?**

   - ☐ 1-10
   - ☐ 11-19
   - ☐ 20-25
   - ☐ 26-35
   - ☐ 36-45
   - ☐ 46-55
   - ☐ 56-65
   - ☐ 66-75
   - ☐ 76-85
   - ☐ 85 or older

4. **Paano mo ilalarawan ang iyong sarili? Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop.**

   - ☐ Kabilang ako sa isang katutubong komunidad
   - ☐ Kabilang ako sa isang relihiyoso o etnikong minorya
   - ☐ Kabilang ako sa isang dinidiskriminang grupo o antas
   - ☐ Ako ay isang imigrante
   - ☐ Ako ay isang refugee
   - ☐ Ako ay isang rehistradong residente
   - ☐ Ako ay isang migrante mula sa ibang bansa

- ☐ Ako ay isang migrante mula sa ibang lalawigan, rehiyon o siyudad
- ☐ Ako ay isang mamamayan ng bansa kung saan ako naninirahan
- ☐ Wala ditong angkop sa akin

**5. Ano ang pangalan ng iyong katutubo, etniko, relihiyoso, minorya o dinidiskriminang grupo?**

.......................................................................................................................

.......................................................................................................................

# 2

# Paano Ka Naaapektuhan ng Proyektong Ito?

## Impormasyon Tungkol sa Proyekto

**6. Pangalan ng proyekto: ..........................................................**

**7. Kilala mo ba kung sino ang nagpopondo ng proyekto?**

- ☐ Oo
- ☐ Hindi

**8. Kung oo, sino ang kabilang sa nagpopondo sa proyekto?**

- ☐ Ang gobyerno
- ☐ Isang kumpanya
- ☐ Isang internasyonal na bangko
- ☐ Isang pambansang bangko
- ☐ Iba pa

*Kung alam mo ang pangalan ng sinuman sa kanila, tukuyin dito:*

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

**9. Kilala mo ba kung sino ang nagpapatupad ng proyekto?**

- ☐ Oo
- ☐ Hindi

**10. Kung oo, sino ang kabilang sa nagpapatupad ng proyekto?**

- ☐ Ang gobyerno
- ☐ Isang kumpanya
- ☐ Isang internasyonal na bangko
- ☐ Isang pambansang bangko
- ☐ Iba pa

*Kung alam mo ang pangalan ng sinuman sa kanila, tukuyin dito:*

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

11. **Ano ang alam mo sa mga kasama sa proyekto, at ang mga proseso na gamit nila?**

| **Alam mo ba...** | |
|---|---|
| **Ang pangalan ng mga tao o organisasyon na kabilang?** | |
| ☐ Wala akong natanggap na impormasyon tungkol dito | ☐ May natanggap akong impormasyon tungkol dito |
| **Kasaysayan at misyon ng mga tao o organisasyon na kabilang?** | |
| ☐ Wala akong natanggap na impormasyon tungkol dito | ☐ May natanggap akong impormasyon tungkol dito |
| **Tanggapan o impormasyong pang-kontak ng mga tao o organisasyon na kabilang?** | |
| ☐ Wala akong natanggap na impormasyon tungkol dito | ☐ May natanggap akong impormasyon tungkol dito |
| **Proseso ng konsultasyon?** | |
| ☐ Wala akong natanggap na impormasyon tungkol dito | ☐ May natanggap akong impormasyon tungkol dito |
| **Proseso ng pagsampa ng reklamo?** | |
| ☐ Wala akong natanggap na impormasyon tungkol dito | ☐ May natanggap akong impormasyon tungkol dito |
| **Proseso ng pagbabayad?** | |
| ☐ Wala akong natanggap na impormasyon tungkol dito | ☐ May natanggap akong impormasyon tungkol dito |

Iyong komento:

..................................................................................................................................

..................................................................................................................................

12. **Ano ang sinasabi ng namamahala sa proyekto o ng mga opisyal ng pamahalaan tungkol sa layunin ng proyekto? Piliin ang lahat ng naaangkop.**

Upang matiyak ang mas pinabuting pagkukunan ng...

- ☐ Pagkain
- ☐ Edukasyon
- ☐ Mahalagang serbisyong panlipunan
- ☐ Pangangalaga ng kalusugan
- ☐ Malinis na tubig
- ☐ Kuryente
- ☐ Malinis na enerhiya

Upang mapabuti ang mga...

- ☐ Paaralan
- ☐ Hanapbuhay at kita
- ☐ Pampublikong transportasyon
- ☐ Mga daan
- ☐ Agrikultural na programa para sa mga komunidad ng pagsasaka
- ☐ Seguridad ng pagmamay-ari ng lupa
- ☐ Kalinisan
- ☐ Pagkakapantay-pantay ng mga kasarian at karapatan ng mga kababaihan

Upang linangin...

- ☐ Ang likas na yaman ng ating bansa
- ☐ Ang paglago ng ekonomiya ng ating bansa
- ☐ Turismo
- ☐ Pag-export at pangangalakal
- ☐ Pamumuhunan ng mga dayuhan sa ating bansa
- ☐ Mga bagong gusali upang lalong maging moderno ang ating siyudad

**At, upang...**

- ☐ Galangin, protektahan at isulong ang karapatang pantao
- ☐ Mag-ambag sa mas malinis at malusog na kapiligiran
- ☐ Mabawasan ang hindi pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mayaman at mahirap
- ☐ Iba pa (ipaliwanag)

........................................................................................................................

........................................................................................................................

**13. Sino daw ang makikinabang sa proyektong ito, ayon sa namamahala sa proyekto o ng mga opisyal ng pamahalaan? Piliin ang lahat ng naaangkop.**

- ☐ Ang aming komunidad
- ☐ Ang mga pinakamakapangyarihan sa pulitika at ekonomiya sa aking rehiyon o bansa
- ☐ Ang buong sambayanan
- ☐ Mga karatig-bansa
- ☐ Mga opisyal ng pamahalaan
- ☐ Mga namumuhunan sa proyektong ito
- ☐ Mga pribadong kumpanya
- ☐ Iba pa (ipaliwanag)

........................................................................................................................

........................................................................................................................

........................................................................................................................

........................................................................................................................

........................................................................................................................

**14. Sino sa tingin mo ang makikinabang sa proyektong ito? (Maaaring iba ito sa sinasabi ng mga namamahala ng proyekto. Piliin ang lahat ng naaangkop.)**

- ☐ Ang aming komunidad
- ☐ Ang mga pinakamakapangyarihan sa pulitika at ekonomiya sa aking rehiyon o bansa
- ☐ Ang buong sambayanan
- ☐ Mga karatig-bansa
- ☐ Mga opisyal ng pamahalaan
- ☐ Mga namumuhunan sa proyektong ito
- ☐ Mga pribadong kumpanya
- ☐ Iba pa (ipaliwanag)

.....................................................................................................................

## Epekto ng Proyekto

**15. Kung nangako ng mga partikular na benepisyo ang mga namamahala ng proyekto o ang pamahalaan, ano ang mga ipinangako? Piliin ang lahat ng naaangkop.**

- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas magandang tirahan
- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng tiyak na titulo sa aming lupa
- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas magandang hanapbuhay
- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas magandang kita
- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas kaunting oras ng biyahe sa trabaho
- ☐ Mapapabuti ang pampublikong transportasyon sa aming komunidad o rehiyon
- ☐ Gaganda ang mga daan sa aming komunidad o rehiyon

- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas matibay na pagkukunan ng kuryente
- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas mabuting pagkukunan ng pangangalaga ng kalusugan at mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan
- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas mabuting pagkukunan ng sapat na masustansyang pagkain
- ☐ Bubuti ang aking kalusugan
- ☐ Magkakaroon ang aking mga anak ng mas mabuting pagkukunan ng kalidad na edukasyon
- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas mabuting pagkukunan ng ligtas at malinis na tubig
- ☐ Wala akong inaasahang benepisyo
- ☐ Iba pa (ilarawan)

..............................................................................................................................

..............................................................................................................................

**16. Sa iyong palagay, makikinabang ka ba sa proyektong ito? Piliin ang lahat ng naaangkop.**

- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas magandang tirahan
- ☐ Nagkaroon ako o ang aking pamilya ng mas magandang tirahan

---

- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng tiyak na titulo sa aming lupa
- ☐ Nagkaroon ako o ang aking pamilya ng tiyak na titulo sa aming lupa

---

- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas magandang hanapbuhay
- ☐ Nagkaroon ako o ang aking pamilya ng mas magandang hanapbuhay

---

- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas magandang kita
- ☐ Nagkaroon ako o ang aking pamilya ng mas magandang kita

---

- [ ] Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas kaunting oras ng biyahe sa trabaho
- [ ] Nagkaroon ako o ang aking pamilya ng mas kaunting oras ng biyahe sa trabaho

---

- [ ] Mapapabuti ang pampublikong transportasyon sa aming komunidad o rehiyon
- [ ] Napabuti ang pampublikong transportasyon sa aming komunidad o rehiyon

---

- [ ] Gaganda ang mga daan sa aming komunidad o rehiyon
- [ ] Gumanda ang mga daan sa aming komunidad o rehiyon

---

- [ ] Magkakaroon ako ng mas matibay na pagkukunan ng kuryente
- [ ] Nagkaroon ako ng mas matibay na pagkukunan ng kuryente

---

- [ ] Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas mabuting pagkukunan ng pangangalaga ng kalusugan at mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan
- [ ] Nagkaroon ako o ang aking pamilya ng mas mabuting pagkukunan ng pangangalaga ng kalusugan at mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan

---

- [ ] Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas mabuting pagkukunan ng sapat na masustansyang pagkain
- [ ] Nagkaroon ako o ang aking pamilya ng mas mabuting pagkukunan ng sapat na masustansyang pagkain

---

- [ ] Bubuti ang aking kalusugan
- [ ] Bumuti ang aking kalusugan

---

- [ ] Magkakaroon ang aking mga anak ng mas mabuting pagkukunan ng kalidad na edukasyon
- [ ] Nagkaroon ang aking mga anak ng mas mabuting pagkukunan ng kalidad na edukasyon

---

- ☐ Magkakaroon ako o ang aking pamilya ng mas mabuting pagkukunan ng ligtas at malinis na tubig
- ☐ Nagkaroon ako o ang aking pamilya ng mas mabuting pagkukunan ng ligtas at malinis na tubig

---

- ☐ Hindi ako makikinabang sa proyektong ito
- ☐ Hindi ako nakinabang sa proyektong ito

---

- ☐ Iba pa (ilarawan)

..............................................................................................................................

..............................................................................................................................

**17. May negatibong epekto ba sa iyo ang proyektong ito? Piliin ang lahat ng naaangkop.**

- ☐ Mawawalan ako ng trabaho
- ☐ Nawalan ako ng trabaho

---

- ☐ Magkakaroon ako o ang pamilya ko ng utang
- ☐ Nagkaroon ako o ang pamilya ko ng utang

---

- ☐ Magkakahiwalay ang pamilya ko
- ☐ Nagkahiwalay ang pamilya ko

---

- ☐ Matitigil ang mga anak ko sa pag-aaral
- ☐ Natigil ang mga anak ko sa pag-aaral

---

- ☐ Mawawalan ako ng tirahan
- ☐ Nawalan ako ng tirahan

---

- ☐ Mawawalan ako o ang pamilya ko ng pagkukunan ng malinis na tubig pang-inom o kalinisan
- ☐ Nawalan ako o ang pamilya ko ng pagkukunan ng malinis na tubig pang-inom o kalinisan

---

- [ ] Mawawalan ako o ang pamilya ko ng pagkukunan ng kuryente
- [ ] Nawalan ako o ang pamilya ko ng pagkukunan ng kuryente

---

- [ ] Mawawala sa akin ang lupang may karapatan dapat ako
- [ ] Nawala sa akin ang lupang may karapatan dapat ako

---

- [ ] Mawawala sa akin ang lupa kung saan ako nagsasaka
- [ ] Nawala sa akin ang lupa kung saan ako nagsasaka

---

- [ ] Mawawalan ako ng paraang makapunta sa gubat, pastulan, ilog at iba pang mga lugar na nagagamit ko sa aking hanapbuhay
- [ ] Nawalan ako ng paraang makapunta sa gubat, pastulan, ilog at iba pang mga lugar na nagagamit ko sa aking hanapbuhay

---

- [ ] Mawawalan ako ng mga alagang hayop, baka o isda
- [ ] Nawalan ako ng mga alagang hayop, baka o isda

---

- [ ] Masisira ang aking kapaligiran
- [ ] Nasira ang aking kapaligiran

---

- [ ] Masisira ang aking sagradong teritoryo
- [ ] Nasira ang aking sagradong teritoryo

---

- [ ] Walang magiging negatibong epekto sa akin
- [ ] Walang naging negatibong epekto sa akin

---

**18. Kung nakaranas ka ng negatibong epekto mula sa proyekto, ano ang iyong napansin? Piliin ang lahat ng naaangkop.**

- [ ] Ako o ang aking pamilya ay nagkasakit, o lumala ang kalusugan
- [ ] Ako o ang aking pamilya ay nakararanas ng mas malaking pag-aalala at stress kumpara nung una, o sumama ang aming mental na kalusugan
- [ ] Napansin kong mas maraming aksidente sa trapiko
- [ ] Napansin kong mas lumala ang korupsyon
- [ ] Napansin kong mas lumala ang mga karahasang pantahanan at sekswal

- [ ] Napansin kong mas lumala ang paggamit ng alkohol at droga
- [ ] Napansin kong mas lumala ang stress at hidwaan sa mga relasyon ng mga pamilya
- [ ] Wala akong napansing pagbabago bilang epekto ng proyekto
- [ ] Iba pa (ilarawan)

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

**19. Magbabago ba ang kabuuang kalidad ng iyong buhay, o nagbago na ba ito bilang resulta ng proyekto?**

- [ ] Bumuti ang kalidad ng aking buhay
- [ ] Naniniwala akong bubuti ang kalidad ng aking buhay
- [ ] Lalong sumama ang kalidad ng aking buhay
- [ ] Naniniwala akong sasama ang kalidad ng aking buhay
- [ ] Walang nagbago sa kalidad ng aking buhay
- [ ] Naniniwala akong walang magbabago sa kalidad ng aking buhay
- [ ] Iba pa (ilarawan)

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

# Pagpapaalis o Pagpapalipat

**20. Ikaw ba ay pisikal o ekonomikal na pinapaalis o pinapalipat dulot ng proyektong ito?**

- ☐ Oo
- ☐ Hindi pa, pero malapit na kaming maapektuhan
- ☐ Hindi, hindi ako apektado ng pagpapaalis o pagpapalipat dahil sa proyektong ito
- ☐ Iba pa (ipaliwanag)

........................................................................................................................

**21. Kung ikaw ay nahaharap sa pisikal o ekonomikal na pinapaalis o pinapalipat dulot ng proyektong ito, paano mo ito ilalarawan?**

- ☐ Magiging imposible para sa aking manatili sa aking tahanan ngayon dahil sa proyektong ito, kaya kailangan kong lumipat
- ☐ Ako o ang aking hanapbuhay ay malilipat bilang bahagi ng isang programa ng pagpapalipat
- ☐ Magiging imposible para sa aking magpatuloy sa aking hanap-buhay o pinagkakakitaan dahil sa proyektong ito
- ☐ Hindi ako nahaharap sa pisikal o ekonomikal na pinapaalis o pinapalipat dulot ng proyektong ito
- ☐ Iba pa (ipaliwanag)

........................................................................................................................

**22. Ikaw ba o ang pamilya mo ay napaalis na dulot ng isang proyekto noon?**

- ☐ Hindi, hindi pa ako napapaalis
- ☐ Hindi pa ako napapaalis, pero yung mga magulang at mga lolo't lola ko napaalis noon
- ☐ Napaalis na ako isang beses noon sa buhay ko
- ☐ Napaalis na ako higit isang beses noon sa buhay ko

Ipaliwanag.

........................................................................................................................

**23. Kung ikaw ay pinapaalis, bibigyan ka ba ng mga namamahala ng proyekto o ng mga opisyal ng pamahalaan ng daan tungo sa mga programa na magpapabuti ng iyong kabuhayan o magdadagdag sa iyong kita? Kung oo, anong klaseng mga programa ito? Piliin lahat ng naangkop.**

- ☐ Pagpapautang
- ☐ Pagsasanay sa trabaho
- ☐ Trabaho bilang bahagi ng proyekto
- ☐ Iba pa
- ☐ Wala

Kung iba pa, ipaliwanag.

..............................................................................................................................

**24. Lumahok ka ba o ang iyong komunidad sa mga gawain na isinasagawa ng mga nagpopondo o namamahala ng proyekto upang sukatin at i-dokumento ang halaga ng iyong tahanan, lupa at mga pinagkukunan na mawawala o masisira dahil sa proyekto?**

- ☐ Oo
- ☐ Hindi
- ☐ Hindi ko alam

Ilarawan ang mga gawain, paano sila nagsimula, at paano ka lumahok

..............................................................................................................................

**25. Paano mo ilalarawan ang lugar na tinitirahan mo ngayon?**

- ☐ Syudad
- ☐ Lalawigan
- ☐ Iba pa

Iyong komento:

..............................................................................................................................

**26. Kung ikaw ay pinapaalis, paano mo ilalarawan ang lugar kung saan ka ipinapalipat?**

- ☐ Syudad
- ☐ Lalawigan
- ☐ Iba pa
- ☐ Hindi ako pinapalipat

Iyong komento:

......................................................................................................................................

**27. Kung ikaw ay pinapalipat, paano mo ilalarawan ang magiging bagong pamumuhay mo? Piliin lahat ng naaangkop.**

- ☐ Ang lokasyon ng bago kong tirahan ay hindi naaangkop
- ☐ Ang lokasyon ng bago kong tirahan ay naaangkop
- ☐ Ang disenyo ng aking bagong tirahan ay hindi angkop sa aming tradisyon o kultura
- ☐ Ang disenyo ng aking bagong tirahan ay angkop sa aming tradisyon o kultura
- ☐ Masyadong mahal ang binabayad ko para sa tirahan ko sa bagong lokasyon
- ☐ Tama lang ang binabayad ko para sa tirahan ko sa bagong lokasyon
- ☐ Walang sapat na espasyo o pribasiya ang aking pamilya sa bago kong tirahan
- ☐ May sapat na espasyo o pribasiya ang aking pamilya sa bago kong tirahan
- ☐ Mas malayo ang aking pinagtatrabahuhan, o mas mahaba ang aking byahe
- ☐ Tama lang ang layo ng aking pinagtatrabahuhan, at ang haba ng aking byahe
- ☐ Mas malaki ang gastos ko sa transportasyon
- ☐ Pareho lang, o mas mababa, ang gastos ko sa transportasyon
- ☐ Wala akong makukuhanan ng ligtas at malinis na tubig pang-inom malapit sa aking tirahan

- [ ] Meron akong makukuhanan ng ligtas at malinis na tubig pang-inom malapit sa aking tirahan
- [ ] Malayo ang aking bagong tirahan sa isang paaralan na maaaring pasukan ng aking mga anak
- [ ] Malapit ang aking bagong tirahan sa isang paaralan na maaaring pasukan ng aking mga anak
- [ ] Ang aking bagong tirahan ay walang sapat na mahalagang mga serbisyo, tulad ng pampublikong klinika, na malapit sa amin
- [ ] Ang aking bagong tirahan ay may sapat na mahalagang mga serbisyo, tulad ng pampublikong klinika, na malapit sa amin

**28. Kung nahaharap ka sa pagpapaalis, ano ang pumipilit sayong umalis? Piliin lahat ng naaangkop.**

- [ ] Tinatakot nila kami sa pamamagitan ng puwersa at dahas kung hindi kami aalis
- [ ] Tinakot nila kami sa pamamagitan ng puwersa at dahas kung hindi kami aalis

---

- [ ] Gagamit sila ng pisikal na dahas upang saktan ako at ang ibang tao sa aking komunidad, kaya mapipilitan kaming umalis
- [ ] Gumamit sila ng pisikal na dahas upang saktan ako at ang ibang tao sa aking komunidad, kaya napilitan kaming umalis

---

- [ ] Masisira ang aking pinagkukunan ng hanapbuhay. Lilipat kami dahil wala nang ibang opsyon.
- [ ] Nasira ang aking pinagkukunan ng hanapbuhay. Lumipat kami dahil wala nang ibang opsyon.

---

- [ ] Mawawalan kami ng serbisyo tulad ng tubig at kuryente. Lilipat kami dahil wala nang ibang opsyon.
- [ ] Nawalan kami ng serbisyo tulad ng tubig at kuryente. Lumipat kami dahil wala nang ibang opsyon.

---

- [ ] Gagamit sila ng pamimilit at pananakot, tulad ng pagbanta na hindi kami babayaran, mawawalan kami ng trabaho, o iba pang masamang karanasan
- [ ] Gumamit sila ng pamimilit at pananakot, tulad ng pagbanta na hindi kami babayaran, mawawalan kami ng trabaho, o iba pang masamang karanasan

---

- ☐ Mapapasama ang aming pamumuhay dulot ng proyekto, kaya kailangan naming lumipat
- ☐ Napasama ang aming pamumuhay dulot ng proyekto, kaya kinailangan naming lumipat

---

- ☐ Gagamit sila ng buldoser, pababahain o pasasabugin ang lugar, o iba pang paraan upang mapaalis kami
- ☐ Gumamit sila ng buldoser, pababahain o pasasabugin ang lugar, o iba pang paraan upang mapaalis kami

---

- ☐ Walang pisikal na dahas o banta nito. Bukal naming tinatanggap ang kabayaran at opsyon sa pagpapalipat
- ☐ Walang naging pisikal na dahas o banta nito. Bukal naming tinanggap ang kabayaran at opsyon sa pagpapalipat

---

**29. Ilarawan ang inyong mga karanasan. Mahalagang makakalap ng mga patotoo at halimbawa sa paksang ito, kaya isulat nang detalyado ang mga karanasan ninyo ng pagpapaalis.**

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

..........................................................................................................................

